

# THE HAUNTED



I D C

## CHAPTER 1: LIFE BEGINS AT 40

February 3, 2017.

Nagising ako sa liwanag ng araw na tumama mula sa bintana ng aming silid. Umupo muna ako habang sinusubukang isipin kung anong araw ba ngayon. Kinuha ko ang cellphone ko mula sa maliit na side table.

“Tama naman. Talagang hindi ako nag-set ng alarm. Tama, Byernes ngayon,” ang sabi ko sa sarili.

Maya-maya pa ay tumunog ang notification ng email ko. Binuksan ko at binasa.

“Happy birthday, Leona!” bati ng Jobstreet sa akin.

Napangiti ako dahil Jobstreet na lang ang nakakaalala ng aking kaarawan. Ipinagkibit-balikat ko na lang ang namumuong ala-ala noong mga panahong simple pa ang buhay. Noong mga panahong iisa ang sinasabi ng aking mga propesor na isa ako sa inaasahan nilang magiging matagumpay sa buhay. Ah, hindi talaga natin masasabi ang panahon. Habang nagkakaedad tayo, doon natin maiisip na wala naman talagang nabubuhay sa charmed life. Kathang-isip lang ang ideya na posibleng nasa isang tao ang lahat na pwedeng makapagpaligaya sa kanya. Habang bata tayo, wala naman tayong inaalala kundi ang kumain at matulog lang. Gaya ko, nanggaling ako sa isang upper middle-class family sa Pampanga. Pinakamumutya daw akong anak dahil wala naman akong mga kapatid. Walang choice ang mga magulang ko kundi pakamahalin ako. Kung bakit ang bata, habang minamahal mo ng todo ay siya namang may gustong patunayan na kaya niya ang mag-isa. Ito siguro ang isang dahilan kung bakit mas pinili kong mag-aral sa Baguio kaysa sa Maynila.

*“Make sure that you packed your jackets and cardigans,”* habilin ng nanay ko habang binubuksan ko ang pinto ng kotse. Ito ang araw kung kailan nila ako ihahatid sa Baguio para magkolehiyo.

*“Bilisan nyo. Ayokong gabihin sa daan,”* ang naiinip namang sabi ng aking ama.

“Siguro naman ay mabilis kang makakapag-adjust doon? Pero tiyak sa una ay mahihirapan ka dahil ikaw lahat ang gagawa ng mga bagay na inaasa mo lang sa amin dati,” panunukso ng aking ina.

“Saka nga pala, ilang beses kong ipapaalala na bawal muna ang boyfriend, ha?” karugtong na habilin naman ng aking ama.

Namula ako pero hindi ko alam kung napansin nila. Kung gugustuhin ko lang magkaroon ng boyfriend, matagal na sanang nangyari. Pero nakapako ang isip ko sa ideal man ko— matangkad, gwapo, matalino at mabait. Siguro naman, lahat halos ng tao ay pinagdaanan yan. At kung hanggang ngayon ay wala man lang akong puppy love, ibig sabihin lang ay walang pumasa sa pamantayang gusto ko.

Naputol ang pagmumuni-muni ko at hindi ko namalayang nasa Sison, Pangasinan na kami. Ibinababa ko ang bintana ng kotse para man lang pumasok ang sariwang hangin. Agad ko rin namang isinara nang pumarada kami sa stop-over para hindi pumasok ang usok ng mga kasabay na bus. Saglit kaming kumain at habang papabalik na kami sa kotse ay may grupo ng mga kaedaran ko ang nagkakatuwaan.

"Hi Miss. Pwedeng magpakilala?" biro ng isa. Hindi ko sila pinansin, bagay na higit na nagpatindi ng kanilang kantyawan.

"Ang sungit mo naman, Miss," biro ng aking ina sa akin.

"Ah, malapit-lapit na tayo. Siguro naman ay hindi umuulan doon. Mahirap mag-drive ng may fog," sambit ng aking ama.

Nagkatotoo ang nasa isip ng aking ama dahil dinatnan namin ang makapal na hamog sa kalagitnaan ng Marcos Highway. Maingat na minaniobra ni Papa ang sasakyan at alisto sa mga nakakasalubong dahil maaaring pagmulan ng aksidente ang ganito kakapal na hamog. Binuksan ko ang bintana ng kotse para damhin ito. Napagalitan ako ni Mama at ipinababa ang bintana sa pag-aalalang baka ako sipunin.

Malaking kapanatagan kay Mama na nalampasan namin ang makapal na hamog na ligtas. Makalipas ang dalawampung minuto ay nasa harapan na kami ng isang malaking bahay na may malawak na hardin. Bumusina si Papa nang tatlong beses. Walang taong lumabas. Bumaba ako sa kotse at sumilip sa puting gate. Napansin ko ang doorbell na bahagyang natatakpan ng dahon ng yellowbell. Pinindot ko. Maya-maya ay may humahangos na lumabas mula sa pinto, ang caretaker. Nagmamadali niyang binuksan ang gate at mabilis ding isinara pagkapasok ng kotse.

"Pasensya na kayo, Ma'am, Sir. Nalibang ako sa pag-aayos, hindi ko yata narinig na kanina pa kayo narito," ang sabi ng caretaker.

"Wala 'yon. Kararating-rating lang din namin. Ikaw yata si Linda? Nabanggit ni Yumi ang pangalan mo," ang sagot naman ni Mama.

"Ako nga po, Ma'am. Naku, ito ba si Leona? Napakaganda palang bata. Wag kayong mag-alala, Ma'am. Bantay-sarado siya sa akin," napakindat pa si Ate Linda sa aking ina.

"O, Linda. Kapag naka-graduate si Leona na walang kabulastugan, may limang libo ka sa akin," birong may halong katotohanang sabi ni Papa.

Napangiti si Ate Linda sabay kuha ng mga maleta. Binuksan niya ang malaking pinto at tumambad sa amin ang malawak na loob ng bahay. Sa gawing kanan ang living room o sala na may kurtinang tila gawa sa dikit-dikit na yantok na manipis. Nakahawi naman ang makapal na telang kurtina na sa palagay ko ay isinasara pagsapit ng gabi. Malalaki ang mga upuan na gawa marahil sa pine wood. Kapansin-pansin din ang mga etnikong disenyo na naka-display. Sa gawing kaliwa naman ng bahay ay bahagyang tanaw ang kusina. May

mababang partisyong naghihiwalay sa pagitan ng dining room at living room. Mula sa front door ay makikita din ang mataas na hagdan papunta sa mga kuwarto.

"Gusto mo bang makita ang kuwarto mo?" pansin ni Ate Linda sa akin.

Tumango lang ako. Inakyat namin ang mataas na hagdan, ingat na ingat akong makagawa ng ingay. Sa ikalawang palapag ay may tatlong pinto akong nakita. Nilakad namin ang dulong bahagi.

"Eto ang CR sa 2nd floor. May heater yan kaya hindi ka mahihirapang maligo. May CR din sa baba kaya kung nagmamadali kayo, hindi ka mahihirapan sa banyo," nakangiting sabi ni Ate Linda.

"Kami po?" tanong ko.

"Hindi ba nasabi sa 'yo ng Mama mo? Lima kayong aalagaan ko dito," may pagtataakang sagot niya. Lalong namilog ang mabibilog niyang mga mata.

"Ah, hindi po namin napag-usapan. Pero wala pong kaso sa akin kung may kasama ako sa bahay. Yung sa ano lang po..."

"Kwarto?"

Tumango ako. Hindi ako sinagot ni Ate Linda. Nagpatuloy kami sa house tour.

"Eto ang master's bedroom. Hindi ko talaga binubuksan iyan hangga't walang pahintulot si Ma'am Yumi."

"Okay lang po."

Kumalansing ang bungkos ng susi na hawak ni Ate Linda. Pinili niya ang susi na may gintong kulay at binuksan ang isang kwarto.

"Pasok ka, tignan mo. Malaki itong kwarto na ito," sumenyas pa si Ate Linda sa akin.

Malaki nga ang kwartong binuksan niya. May tatlo itong kama na animo ay magkakalayong letrang "U." Ang dulong kama ay nakadikit sa dingding gaya ng pangatlong kama. Ang nasa gitnang kama naman ay nakadikit sa pader na may bintana. Sa laki ng kwarto, maaari pa itong hatiin sa tatlong maliliit na kwarto. Sa dulo ng kwarto sa bandang kanan ay may isa pang bintana ngunit mas malaki. Pumihit ako ng direksyon at binuksan ang bintana. Sinalubong ako ng manipis na hamog mula sa labas.

"Ah, bihirang buksan ang bintana na iyan. Kitang-kita kasi diyan ang mga tao sa kapitbahay," paalala ni Ate Linda.

Kitang-kita? Bakanteng lote ang nakikita ko na puro pine tree at ligaw na bulaklak. Iginawi ko ang mga mata ko sa malayo-layo at doon ko naunawaan ang sinasabi ni Ate Linda. Tanaw na tanaw sa bintana ang hardin ng pinakamalapit na kapitbahay. Umaasa akong makakita ng tao ngunit wala akong natanaw kung kaya't isinara ko na lang din ang bintana.

"O, mukhang hindi ka masaya sa kwarto mo?"

Napangiti ako at piniling huwag magsalita.

"Baka itong kwarto sa itaas ang mas magustuhan mo."

Tinunton namin ang hagdan papunta sa attic. Makipot ang hagdan ngunit sapat upang makapag-akyat ng mga gamit. Kung titignan ay mas mukhang mezzanine or loft ang attic. Sa dulo ng hagdan sa taas, binuksan ni Ate Linda ang kahoy na sliding door.

"Hindi ko ito isinasara kapag may tao sa attic. Para nadidinig ko kung may ipag-uutos ba sa akin."

Binuksan ni Ate Linda ang kwarto. Nanlumo ako dahil mas maliit ang kwartong nasa attic kaysa sa pinakita niya kanina. Napansin niya yata na hindi ko nagustuhan.

"Ang maganda dito ay dalawa lang kayo. Mamili ka na lang kung alin sa dalawang kama ang gusto mong sa iyo. Kung ako sa iyo, doon ako sa kamang malapit sa bintana."

"Bakit po dalawa ang pinto ng kwarto?" itinuro ko ang isang pinto sa kwarto.

Napangiti ng malaki si Ate Linda.

"Ang kagandahan ng kwarto sa attic ay may malawak kang study room. Sa tabi ng study room ay may storage area ng mga abubot ni Ma'am. Tapos, sa dulo nito ay may CR din. Ang problema nga lang ay wala pang heater ang CR dito."

Parang dumaloy ng mabilis ang dugo ko! Nagustuhan ko ang attic.

"O, siya, feel at home. Magluluto pa nga pala ako ng hapunan natin," tinapik ako ni Ate Linda sa balikat bago bumaba.

Umupo ako sa bilog na coffee table na nasa gitna ng study room. Malalaki ang mga bintanang salamin sa study room kung kaya't tanaw na tanaw ko ang labas. Mangilan-ngilan ang dumaraang sasakyan dahil na rin siguro sa papakapal na hamog na nagbabadya ng pag-ulan. Hindi ko alam kung namamalik-mata lang ako dahil sa tingin ko ay may nakatayong tao sa harap ng gate. Parang nakatingin din ito pabalik sa akin.

"Kakain na, tara at bumaba ka na," pinutol ni Ate Linda ang pag-uusyoso ko. Paglingon ko ay wala na ang taong nakatingin sa akin.

Pinutol ang pagbabalik-tanaw ko sa aking nakaraan ng sunud-sunod na pagbati mula sa mga kaibigan.

"Life begins at forty, happy birthday!" ang tila iisa nilang pagbati.

Forty years? Ganoon na ba ako katanda? Kalahati na pala ng buhay ko ang nagdaan. Ganun katagal na din akong duwag harapin ang mga pangyayari sa aking buhay.

## CHAPTER 2: DEVOTION

February 4, 2017.

Nagising akong medyo masakit pa ang ulo gawa ng matinding hang-over. Nangantyaw ng libre ang mga kasamahan ko sa trabaho kahit alam nilang hindi ko gawain ang lumabas nang gabi maliban na lamang kung kasama ko si Kate at Jim.

"Sige na, minsan ka lang mag-forty years old. Saan mo ba kami ililibre?" tanong ni Judy, ang pinakamaingay sa office.

"Kaya nga ako nag-leave para makapagmuni-muni tapos ay lalabas ako?" sagot ko naman sa phone call.

"O, sige, kami na lang ang pupunta diyan. Nasa bahay ka lang naman di ba?" ang sabi ng di ko makilalang boses. Naka-speaker phone ang call nila.

"Uy, wag naman. Hindi pa ako nakakapag-ayos nang bahay," katwiran ko.

"Basta, antayin mo kami diyan. Tama na sa amin ang kahit anong ulam. Pwede naman sigurong magdala ng San Mig ano?" ang makulit na sabi ni Judy.

Ibinaba nila ang telepono na nagtatawanan. Naiwan naman akong nag-iisip kung nagbibiro ba sila o seryoso. May tatlong oras pa naman bago mag-alas siete kaya ihinanda ko ang pinakamadaling putahe para naman hindi ako mapahiya sa kanila.

Dumating si Kate mula sa eskwela at nagulat pa na nasa kusina ako.

"Happy birthday, Ma. I'm sorry, hindi ako aware na may birthday dinner dito?"

"Well, this is not actually for us. Etong sila Judy ay pupunta daw dito dahil fortieth birthday ko daw. So, does it mean na kumain ka na?" tanong ko kay Kate na noon ay nanood sa pagluluto ko.

"Yes, Ma. The usual TGIF dinner namin nila Celine. Sabi mo kasi ay hindi ka naman maghahanda," ang tila nalulungkot na sagot ni Kate.

"As I mentioned, hindi ko sila close sa office kaya nagulat din ako na pag-aaksayahan nila ako ng panahon."

"Ten years ka na sa office pero hindi ka naging close sa kanila?" ang medyo naiilang na tanong ni Kate. Yung tingin nya sa akin habang nagtatanong ay kawangis ng tingin ni Jim kapag may hindi siya pinaniniwalaan sa sinasabi ko. Mag-ama nga sila dahil pareho sila ng mannerisms.

"Bakit, pwede naman yun, di ba? Hindi ko nga din inasahan na mabilis nila akong tatanggapin. Hinatid lang kita sa school tapos nakita ko ang tarpaulin nila sa labas ng office nila sa Quezon Avenue. I just tried kung papasa ako. That was it," paliwanag ko.

"Ganun lang ba yun? For eight years na nasa bahay ka lang at hindi naman nagtrabaho, saka mo maiisipan na mag-apply kahit sabi mo nga na dahil kami ni Daddy ang priority mo," balik na tanong ni Kate.

"Well, take it or leave it basta `yan ang nangyari ten years ago. Anyway, if you don't mind, tumayo ka muna dyan at aayusin ko na ang table. I'm sure parating na sila Judy."

Tumayo si Kate at dumiretso nang punta sa kwarto niya. Ilang buwan na lang din at malapit na din siyang maging ganap na dalaga. Napag-uusapan nilang mag-ama ang gusto niyang mangyari sa debut niya. Iniiwasan kong pag-usapan ang bagay na iyan dahil siguro naroon ang takot ko na maging ganap siyang dalaga at sumubok ng mga bago sa buhay.

Ding..dong...

Binuksan ko ang front door at pareho pa kami ni Jim na nagkagulatan. Nagulat ako na maaga siyang umuwi at tila nagulat naman siya dahil sa suot kong apron.

"Happy birthday. Nagluto ka?"

"Hmmm. Parating daw sila Judy. Bakit, kumain ka na rin ba?"

"Hindi pa. Ano'ng oras daw ba sila parating?"

"Tekang at sila na yata ang bumubusina. Sasalubungin ko lang sa gate."

Binuksan ko ang gate at sabay-sabay silang bumati sa akin. Naroon si Judy na tiyak na pasimuno, si Barbie na pinakabago sa amin, si Sol na panay ang dikit kay Jeron at si Jeron na nag-iisang lalaki sa department namin.

"Thank you, talagang sineryoso ninyo ah," biro ko.

"Minsan lang to, mars. Saka naniniwala ako na life begins at forty," ang sagot ni Judy. Pinapasok ko sila at inalok na simulan na ang pagkain. Tinawag ko si Jim para makasabay na din. Napansin kong nag-aalangan pa siya kung kaya't nakaupo na kaming lahat nang dumating siya.

"Ang gwapo pala ng husband ninyo, Ma'am Leona," papuri ni Barbie. Namula si Jim sa narinig.

"Ay siyempre, maganda din naman si Leona, ano?" ang balik-puri naman ni Judy para sa akin.

"Naku, binola mo pa ako. Tignan mo nga ang hitsura ko ngayon. Walang kabuhay-buhay," biro ko naman.

"Mars, dati ka nang walang kabuhay-buhay," sagot ni Judy.

Nagtawanan lahat maliban kay Jim.

"Masarap itong niluto mo, Leona. Yung natirang sisig, baka pwede pa nating ipang-pulutan?" tanong ni Sol habang binubuksan ang isang mataas na bote ng Black Label.

"At talagang nagdala ka pa. Jeron, mag-ingat ka kay Sol. Ang sabi nga nila..." di ko na dinugtungan dahil nakatingin sa akin si Jim.

"Pag may alak, may balak," sabi ni Judy. Nagtawanan ang lahat maliban sa amin ni Jim.

Hindi mahilig makihalubilo si Jim sa mga kasama ko sa opisina pero ngayon ay heto siya at nakatabi sa akin. Nahuhuli ko din si Barbie sa mga nakaw na sulyap niya kay Jim na binalewala ko lang. May pagkakataong si Jim naman ang gumaganti nang nakaw na sulyap kay Barbie.

"Guys, it's getting late. Mahirap din namang magpakalasing tayo dahil baka hindi makapag-drive ng maayos si Jeron," ang paaalala ni Jim. Lihim akong natuwa na hindi na kailangang sa akin manggaling ang pagpapaalis sa grupo.

Tumulong lang si Sol at Judy sa paglilipit at saka nagpaalam na aalis na ang grupo. Pinilit kong magmukhang masaya sa pagbibigay nila ng oras sa akin. Nang makaalis na sila, naiwan kami ni Jim na tila nagkakailangang mag-usap. Dumiretso ako sa pagtulog pagkatapos maglinis ng katawan. At heto nga ang kumpletong detalye kung bakit ako nagising na masakit ang ulo ngayong Sabado.

Nakaupo na pala si Jim at kung gaano na siya katagal na gising ay wala akong alam. Pinagmamasdan niya ang pag-eempake ko ng mga damit. Nagulat pa ako nang magtama ang aming mga mata. Tama nga si Barbie, naroon pa din ang kakisigan niya sa kabila ng halos dalawampung-taon naming pagsasama. Tinignan ko ang repleksyon ko sa salamin at nakita ko ang anyo ng isang babaeng tila pagod na pagod na sa pakikidigma sa buhay. Hindi na kami bagay kung pisikal na aspeto ang pag-uusapan.

"Bakit inaayos mo 'yan?" sa wakas ay tanong niya.

"Mamamasyal lang. Matagal na akong nakabuntot sa inyo ni Kate, di ba? All my adult life," sagot ko na hindi tumitingin sa kanya.

"Andami naman yatang damit para sa pamamasyal lang?"

"Isang linggo siguro akong mawawala."

"Paano ang work mo?"

"Do I even count?"

"Paano ang pag-aasikaso mo kay Kate?"

"Ni hindi nga siya nagdi-dinner dito lately."

"May problema ba?"

"Wala. Sasabihin ko kung meron."

"Kelan ka naman nagsabi sa akin?"

Hindi ako kumibo dahil maraming beses ko nang sinabi kung ano ang bumabagabag sa akin. Kung bakit napakalayo ng damdamin namin sa isa't-isa. Kung ano'ng pagsasakripisyo ko para lang may buong pamilyang kasama si Kate.

"Sige, kung hindi kita mapipigilan, sabihin mo na lang kung saan ka pupunta at nang hindi kami nag-aalala," nakatayo na si Jim at nasa likod ko na.

"Sa Baguio lang."

Nanlaki ang mga mata ni Jim at parang hindi makapaniwala na doon ako pupunta. Ganun pa man ay wala siyang sinabing pagtutol o anuman. Napaupo siya at pinagdaop ang mga palad at saka napabuntung-hininga.

"Okay, kung saan ka masaya," yun lamang at saka siya lumabas ng kwarto.

### CHAPTER 3: BAGUIO AGAIN

February 5, 2017. Sunday, 7:00 AM

"Ma, sigurado ka bang kaya mong magbakasyong mag-isa?"ang nag-aalalang tanong ni Kate sa akin.

"Bakit naman parang naisip mong hindi ko kaya?"ang balik-tanong ko sa kanya habang sinasara ko ang zipper ng maleta ko.

"Well, hindi ka kasi nagbabakasyong mag-isa?"ang katwiran ni Kate.

Hindi na ako sumagot at iniba ang usapan. Ayokong magdalawang-isip sa biyahe ko dahil tama siya, hindi naman ako nagbabakasyong mag-isa. Palagi kaming magkakasama bilang pamilya. Lumabas ako nang kwartong hila-hila ang aking maleta. Nadatnan ko sa sala si Jim na nagkakape habang nagbabasa ng diaryo. Napatigil siya nang makita ako.

"O, talagang tuloy ka pala talaga?"bati niya.



"Mukha ba akong nagbibiro?"ang biro ko sa kanya.

May agam-agam sa mukha niya gaya nang kay Kate, alam kong kung sila ang masusunod ay hindi nila ako papayagang magbakasyong mag-isa kung hindi lamang at mapilit ako.

"Ano pa ba kasi ang kailangan mong balikan doon? Hindi pa ba maayos sa iyo ang lahat?"tanong ni Jim. Tumayo ito at bakas sa mukha ang pagkayamot.

"Hanggang ngayon ba ay hindi mo naiintindihan? O baka dahil may mga bagay akong nakikita na hindi ninyo nakikita?"ang inis kong sagot.

Saglit na natahimik si Jim at saka kinuha ang maleta ko para ilabas.

"Sige, hayaan mo na lang na ihatid kita sa bus terminal...Kate, sasama ka ba? Bilisan mo at ihahatid natin ang Mama mo,"tawag ni Jim kay Kate.

Humahangos na bumaba sa hagdan si Kate. Sa kotse papuntang Cubao, tahimik lang kaming tatlo na parang nakikiramdam sa bawat isa. Nang marating namin ang terminal ay tahimik na ibinaba ni Jim ang maleta. Walang gaanong pila sa tiket kung kaya't hindi rin nagtagal at hinanda na ang bus.

"Ipinalagay ko na sa konduktor ang maleta mo. Tandaan mo ang bus number mo para kung bababa ka para kumain ay hindi ka magkamali," ang paaalala ni Jim.

"O, sige, aakyat na ako sa bus," sabi ko.

Lumingon ako sa bintana at naroon pa din si Jim na nakatayo at nakatingin sa akin. Ngumiti ako nang bahagya at nag-thumbs up sign. Sumenyas naman si Jim na parang nagtatanong kung nakainom ako ng gamot. Tumango lang ako.

Habang papalabas sa EDSA nang bus ay sinundan ito ni Jim nang tingin. Naroon ang konting pangungulila ko sa kanila ni Kate pero mas nananaig ang pagnanais kong balikan ang mga multo o demonyong bumabagabag sa akin labingwalong taon na ang nakalilipas.

"Asawa mo?" tanong ng katabi kong babae na nasa sienta anyos na.

"Ho?" pagulat na sagot ko.

"Asawa mo ba yung naghatid sa yo? Yung gwapong nag-remind sa `yo na uminom ka ng gamot," sagot niya.

"Ahh...opo, husband ko po," maikli kong sagot. Nagkunwari akong inaantok at pumikit para hindi niya mausisa pa.

"Sabi ko na nga ba na nahihilo ka sa byahe. Dapat, hindi ka pinayagan ng asawa mo na umalis mag-isa," may bahid ng pag-aalala ang boses niya.

"Okay lang po ako."

"May orange peels ako dito."

"I'm good po."

"Bakit ka nga pala pupuntang mag-isa sa Baguio?"

"Panagbenga po. Gusto kong manood."

"Ah, ako naman ay pupunta sa anak ko. Nakatira siya sa bandang Lourdes Grotto....ikaw? Saan ka tutuloy niyan?"

"Sa bahay po ng family friend namin."

"Saan nga?"

"South Drive area po."

"Mukhang mayayaman ang mga nakatira doon ah."

"Sakto lang po."

Hindi ko namalayan na sa pagkukunwaring inaantok ay talagang nakatulog na ako. Pagdilal ng mga mata ko ay binabagtas na namin ang Marcos Highway. Sa pagkakataong ito ay maaliwas ang paligid hindi gaya nung unang beses ko itong masilayan dalawampu't tatlong taon na ang nakalilipas.

"Ang tagal mong nakatulog,"ang bati ng katabi ko. Inalok niya ako ng kinakain niyang chips na magalang kong tinanggihan.

"Hindi ka nga pala kumakain sa byahe. Nahihilo ka pa ba?" tanong niya ulit.

"Ayos naman ho ako,"ang sagot ko.

"Hindi ka ba sasamahan ng asawa mo sa pamamasyal sa Baguio? Mahirap yatang umalis na nag-iisa ka,"may himig ng tunay na pag-aalala sa tinig niya na nagpaalala sa akin sa aking ina kapag bumabyahe ako noon na pabalik sa Baguio.

"Busy po sya sa work,"matipid kong sagot.

"Saan ba sya nagtatrabaho?"

"Sa financial firm po sa Makati. Executive po sya kaya madalas siyang busy,"magkahalong pride at panlulumo ang naramdaman ko. Proud ako kay Jim dahil sa mga accomplishments niya sa buhay pero naroon ang panlulumo ko dahil ni hindi ko narating ang kalahati ng meron siya.

"Anyway, have fun, hija."

"Leona po,"iniabot ko ang kamay ko upang magpakilala.

"Tita Cita,"ang nakangiti niyang sagot habang nakikipagkamay.

Nang masapit namin ang Victory Liner Terminal, nagpauna si Tita Cita na bumaba sa akin dahil may inaasahan siyang sundero at wala din naman siyang kukuhaning gamit sa luggage compartment ng bus. Pinababa ko muna lahat ng pasahero at saka ako pumila para kunin sa konduktor ang aking maleta. Hatak-hatak ko ang maleta at itinabi para pumara ng taxi. Tatlong taxi ang pinalampas ko dahil tinamaan ako ng malaking agam-agam kung tutuloy ba ako sa bahay na tinuluyan ko nung nag-aaral pa ako.

Nanlalamig ang mga kamay ko sa magkakahalang kaba, saya at itinatagong lungkot. Umihip ang malamig na hangin na sapat upang panghinayangan ko na wala akong nakahandang jacket para ikubli ang katawan sa ginaw. Naisip kong tumuloy na lamang sa hotel pero naisip ko ding nakakahiya ang gagawin ko dahil inaasahan na ni Tita Yumi na sa bahay niya ako tutuloy. Sa pag-iisip, hindi ko namalayan ang taxi na nakahinto sa harapan ko.

"Maám? Taxi?"

Binuksan ko ang pinto at sumakay habang ang driver naman ay inilagay sa baggage compartment ang aking maleta.

"Saan po tayo?" tanong niya.

"Hindi ko na maaalala ang house number kaya dahan-dahan ka lang—South Drive,"sabi ko.

Habang umaandar kami ay naglalayag din ang isip ko sa kung ano ang inaasahan kong datnan. Ngunit labing-walong taon ko ng dinadala ang mga bagay-bagay na dapat sana ay noon ko pa hinarap. Life begins at forty, di ba? Kaya't nararapat lang na mas matatag na ako sa kung anumang haharapin sa mga susunod na araw.

## CHAPTER 4: START OF YESTERDAY

Makapigil-hininga ako habang nakatayo sa harapan ng malaking bahay na tinuluyan ko noong nag-aaral pa ako. College house ang tawag naming magkakabahay noon.

“Inaasahan ba talaga nila ang pagdating ko?” natanong ko na lang sa aking sarili.

Hindi gaya noong 1994, marami nang sasakyang dumaraan sa harap ng college house. May isang taxing huminto saglit at inakalang pasakay ako. Umiling lamang ako at sinubukang tawagan ang numero ng katiwala.

Ring...ring... walang sagot.

Hinatak ko ang maleta ko palayo, desidido na akong mag-hotel na lang. Pero sa isang iglap ay naaalala ko ang sikretong doorbell na pinindot ko noong unang beses akong makarating sa college house. Bumalik ako, kinapa ang maliit na lagusan ng kamay sa gate at saka hinanap ang doorbell.

Ding...dong...nadinig ko ang mahinang tunog mula sa loob ng bahay. Bumukas ang front door at lumabas ang isang babaeng nasa bente-singko anyos. Humahangos na sumalubong sa akin habang hawak-hawak ang susi sa kanang kamay. Walang tingin-tingin sa aking pinagbuksan ako ng pinto.

“Good afternoon, ako si Leona. Ikaw ba si Dina?” nakangiti kong bati.

Malilikot ang mga mata ni Dina na tila di mapakali. Tumango lamang ito at isinara ulit ang gate. Hinatak ko ang maleta papasok sa bahay.

“Wala pa ring pagbabago ang bahay na ito, ah, ” nakaramdam ako ng kaunting pagkalungkot dahil alam kong hindi na mauulit ang masasayang ala-ala ko dito.

Hindi kumibo si Dina. Sa halip ay dumiretso sya sa kusina at may kung anong pinagkaabalahan. Pagbalik nya ay may dala siyang isang tasang tsokolateng inumin at mga suman. Nagulat ako ng kaunti dahil hindi ko inasahan ang pagmamalasakit niya kahit parang hindi ako welcome.

“Thank you, Dina. Mangan tayon?”

Nakitaan ko ng matipid na ngiti si Dina saka tumalikod at umakyat ng hagdan. Nagpahinga naman ako habang kinakain ang hinandang merienda. Hindi ako makapaniwalang naririto ulit ako. Ang antigong grandfather’s clock ay naroon pa rin sa gawing kanan ng bahay. Dinig na dinig ang bawat ikot ng kamay ng orasan dahil na rin sa napakatahimik na bahay. Naroon pa din ang mga etnikong disenyo na lalong nagpatingkad sa karakter ng sala. Papalapit na sana ako sa dako ng mga larawan nang may tumapik sa balikat ko.

"Iaakyat ko na po ang maleta," ang mahinang sabi ni Dina habang nakatingin sa maleta.

"Sure, no problem. Mabigat nga lang yan ng konti. You know, one week akong nandito," ang nakangiti kong sagot.

Hindi umimik si Dina. Sa halip ay buong lakas na binuhat ang maleta paakyat ng hagdan. Sumunod naman ako dahil hindi ko alam kung saang kwarto ako tutuloy.

Matibay pa rin ang mahogany na hagdan. Wala ang inaasahang langitngit habang tumatanda ang bahay. Nilampasan ni Dina ang mga kwarto sa ikalawang palapag. Tumibok ng bahagya ang puso ko nang makita kong sa attic siya papunta.

"Napakalaki naman ng bahay kung sa attic pa ako tutuloy. Saan ka nga pala natutulog?" pabiro kong tanong.

"Bakit, takot ba kayo sa multo?" balik-tanong ni Dina.

"Multo? Pati ba ikaw ay naniniwala sa ganun?"

"Sabagay po, mas katakutan daw dapat ang buhay kaysa sa patay," ang diretsong sagot niya.

Natigilan ako sa sinabi niya. Ano ba ang alam niya sa buhay ko para isiping may dapat akong katakutan. Natawa ako sa sarili ko dahil masyado kong binibigyang-kahulugan ang sinasabi niya.

"Welcome to your old room, Manang," ang sabi ni Dina habang hawak ang bukas na pinto ng kwarto.

Walang kibo-kibo ay pumasok ako at sinipat ang kwartong naging bahagi ng apat na taon kong buhay sa college house. Nagsisikip ang dibdib ko sa dami ng emosyong nararamdaman ko. Maayos na maayos pa din ang kalagayan ng kwarto. Kulang na lamang ay makita kong nakahilata si Jenny sa kabilang kama habang nagbabasa ng songhits at kumakanta.

"Teka nga pala... paano mo nalamang kwarto ko ito noon? Sinabi ba ni Tita Yumi?" tanong ko kay Dina.

"Nabanggit lang po ng Auntie Martha ko," hindi makatingin sa akin si Dina.

"Auntie mo si Ms. Martha?"

Tumango si Dina.

"Kumusta na siya?"

"Mas maayos po kaysa nung na-stroke siya limang taon na ang nakalilipas."

"I'm sorry to hear that. Kaya pala ikaw ang pumalit sa kanya."

"Ah, isang taon pa lang ako dito," lumabas si Dina at nagsimulang humakbang pababa.

Pagsara ko ng pinto ay napagtanto kong may mali sa kwento ni Dina. Ayon sa kaalaman ko ay itinigil ni Tita Yumi ang pagpapaupa ng bahay niya sa may estudyante noong makatapos ako ng kolehiyo nung 1998. Umalis si Ms. Linda noong 1995 dahil sa matinding hindi namin pagkakaunawaan. Pumalit si Ms. Martha mula 1995 hanggang 2012 ngunit 2016 lang naging caretaker si Dina.

Una, sino ang naging caretaker mula 2013 hanggang 2015 at pangalawa, papaanong nalaman ni Dina kung saan ang aking kwarto kung sa palagay ko ay hirap magsalita si Ms. Martha?

Pinagpalagay kong madalas pa din nila akong pag-usapan kahit matagal na panahon na akong wala sa South Drive. At sa mga pag-uusap nila na yun ay malamang kaysa hindi na puno ng pagkainis sa akin dahil sa mga away-batang nangyari dalawang dekada na ang nagdaan. Naisip kong kaya nagkakaganoon si Dina sa akin ay dahil na din sa mga usap-usapang hindi naging pabor sa akin. Sa halip na sitahin siya sa mga alanganin niyang mga sagot at kilos, huminga na lang ako ng malalim para mabawasan ang inis ko sa kanya.

FOR MORE STORIES, PLEASE CHECK OUT MY BLOG AT-->>>

[The Haunted \(Tagalog Story\) | The World of Second Chances \(irisdcystal.com\)](http://irisdcystal.com)

